



**PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS:** Enero 9, 2020  
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Sarah Zahedi - 415.749.4900

## **Abugado ng Air District na si Brian Bunger, naihalal bilang presidente ng A&WMA**

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ngayong araw na naihalal ang abugado ng distrito ng ahensiya na si Brian Bunger bilang presidente ng Kapisanan ng Pamamahala ng Hangin at Basura para sa 2020.

Ang Air District ay dati nang aktibong miyembro ng A&WMA. Nagbibigay ang mga organisasyon sa mga propesyonal sa kapaligiran ng napapanahong teknikal, pampangasiwaan, at pangkontrol na impormasyon tungkol sa mga isyu sa hangin at basura.

“Nagpapasimula ang pagtutulungan sa pamamagitan ng A&WMA at mga miyembrong organisasyon ng mga makabagong pamamaraan sa aming mga pinakamapanghamong isyu sa kalidad ng hangin at klima,” ayon kay Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Sa pamumuno ni Brian sa nasabing prestihiyosong internasyonal na organisasyon, matitiyak na patuloy na lubos na isasaalang-alang ang mga isyu sa kalidad ng hangin at klima sa mga pagsisikap ng A&WMA sa 2020, at makakabuo ng mga makabagong pamamaraan na nakakatugon sa mga isyu sa kalidad ng hangin at klima ng Bay Area.”

“Isang malaking karangalan ang ihalal ako ng mga miyembro ng A&WMA bilang presidente ng Kapisanan para sa 2020,” sabi ni Brian Bunger, ang abugado ng distrito ng Air District. “Hindi na ako makapaghintay na magsimula sa tungkuling ito sa Bagong Taon at na ipagpatuloy ang pagtulong sa A&WMA sa layunin nitong pahasayin ang palitan ng kaalaman at impormasyon sa pagitan ng mga propesyonal upang malutas ang mga pangunahing isyu sa kapaligiran at klima ng mundo.”

Sumali si G. Bunger sa Air District noong 2000 bilang senior assistant na abugado ng ahensiya at naitalaga siya ng Lupon ng mga Direktor bilang abugado ng distrito noong 2002. Dating miyembro si G. Bunger ng Lupon ng mga Direktor ng A&WMA bago siya maihalal bilang presidente.

Itinatag noong 1907, ang A&WMA ay isang nonprofit na nonpartisan na propesyonal na organisasyong nagpapalawak ng kaalaman at nagpapahusay ng kasanayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng neutral na forum para sa palitan ng impormasyon, propesyonal na development, oportunidad sa networking, pagbibigay ng kaalaman sa publiko, at pakikipag-ugnayan sa mahigit sa 5,000 propesyonal sa kapaligiran sa 65 bansa.

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

# # #

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)